THE TAMARAO JOURNAL

## WHAT'S INSIDE?

3 LECTURES AND LAY FORUM KAUGNAY SA BREAST CANCER AWARENESS PROGRAM, ISINAGAWA SA LUNGSOD NG CALAPAN

VOLUME 2 No. 51 Oct. 30, 2023 - Nov. 05, 2023

# GAME FACE ON! CCAA SEASON 18, UMARANGKADA NA!



*"PROPELLING TOWARDS GLOBALLY COMPETITIVE ATHLETES"*

Opisyal nang binuksan ang CCAA Season 18 na isa sa pinaka-inaabangang kaganapang pampalakasan sa Lungsod ng Calapan na handog ng Pamahalaang Lungsod, sa pamamagitan ng City Youth and Sports Development Department, nitong ika-28 ng Oktubre sa Sentrong Pangkabataan Gymnasium.

Bilang host school, talagang pinaghandaan ng Southwestern College of Maritime, Business and Technology - sa pangunguna ni Atty. Armando S. Fernandez (President/CEO, SCMBT), ang pagbubukas ng CCAA kung kaya't naging masaya, masigla, at enggrande ang Opening Ceremony.

Sama-sadin ang mga sports administrators ng mga paaralan sa pagiilaw ng tanglaw na hudyat ng pagsisimula at simbolo ng pagkakaisa.

Baon ang determinasyon at dedikasyon, isa-isa ay nagpakilala ang siyam (9) na unibersidad at kolehiyo na magtatagisan sa iba't ibang isports.Hindi din matatawaran ang suporta ng kanilang mga kamag-aral at mga faculty members na talagang all-out kung sa pagsigaw ng kanilang mga inihandang cheers and yells.

Naging matagumpay ang pagbubukas ng CCAA Season 18 dahil sa inisyatiba ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan sa pamamahala ni City Mayor Marilou Flores-Morillo at sa pamamagitan ng City Youth & Sports Development Department na pinangunahan ni Mr. Marvin Panahon.

Nagpakita naman ng suporta si City Administrator Reymund Al Ussam bilang kinatawan ni City Mayor Malou Morillo, City Vice Mayor Bim Ignacio, Hon. Noel Cirujano, Hon. Rius Agua, Hon. Jun Cabailo. Hon. Rafael Panaligan, Jr., Hon. Charles Pansoy, at ilang mga Department Heads.

Sa pagsisimula ng panibagong yugto ng CCAA, inaasahan na mangibabaw hindi lamang ang galing at talento, pati na rin ang sportsmanship at pagkakaisa - na siyang magpapatunay na ang mga atletang Calapeño ay globally competitive (Thea Marie J. Villadolid/CIO).



THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM




TINGNAN: Sa Barangay Balite Naujan, maaga pa lang dumagsa sa Malvar Elementary School na siyang nakatalagang polling pricincts ng humigit kumulang sa 600 registered voters na katutubong Mangyan Alangan na boboto sa kanilang anila'y mga nais maglingkod sa kanilang barangay.

Ayon kay Ma'am Belinda isa ding gurong IP nakakatuwa naman daw dahil hindi magulo ang kanilang pagpapaboto sa halip excited ang mga ito. May pagbagal nga lamang sa aktwal na botohan sa loob ng presinto dahil sa ang iba ay may kakulangan sa pagsulat kaya kailangan pang asistehan ngunit masasabing generally peaceful at kahit maaga pa anila ang mga IP 'willing to wait' sila at hindi naiinip. Nakaalerto naman para sa seguridad ang hanay ng PNP at Barangay Police. (PIO Calapan)










For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# LECTURES AND LAY FORUM KAUGNAY SA BREAST CANCER AWARENESS PROGRAM, ISINAGAWA SA LUNGSOD NG CALAPAN

BILANG bahagi ng *"October Breast Cancer Awareness Month"*, binigyang daan ang pagsasagawa ng *"Breast Cancer Lectures & Lay Forum"*, kaugnay sa temang *"Susu-portahan ka naming Laban sa Kanser"* na dinaluhan ng mga kababaihang Calapeña, ginanap sa Calapan City Health Office, City Hall, noong ika-29 ng Oktubre.

Nagsilbing Panauhing Tagapagsalita sa naturang lektura sina Prof. Roel S. Tolentino, MD, MBA (Surgical Oncologist), Dr. Michael Dennis I. dela Paz (General Surgeon), Dr. Mervin I. Tan (General Surgeon), Dr. Abegail Aylette G. Barrientos (Medical Oncologist), at Mr. Reynaldo P. Sinamban, MD, DPBNCN, MHA, FPCS, FACS.

Tinalakay sa naturang aktibidad ang tungkol sa mga sumusunod: Pagbuo at Layunin ng Breast Cancer Support Group, Kasaysayan at Kasalukuyang Estado ng Kanser sa Suso sa Pilipinas, Maagang Pagsusuri at Pamantayang Operasyon ng Kanser sa Suso, at Pag-iwas at Paggamot ng Kanser sa Suso, gayundin ang tungkol sa *"Nutrition: A Critical Component for Cancer Prevention & Wound Healing"*.

Kaugnay nito, nagkaroon din Free Breast Clinic and Examination, Free Breast Biopsy, (FNAB/ Core Needle Biopsy), at Launching of Mindoro Breast Cancer Support Group.

Ito ay pinangasiwaan ng Philippine Society of General Surgeon Southern Tagalog Chapter Mindoro (PSGS-STC MINDORO), katuwang ang Pamahalaang Panlalawigan ng Oriental Mindoro, at Pamahalaang Lungsod ng Calapan na pinamumunuan ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, sa pamamagitan ng Calapan City Health and Sanitaion Department, sa ilalim ng pamamahala ni City Health Officer Dra. Basilisa M. Llanto, gayundin ng Oriental Mindoro Medical Society (OMMS) (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).




Lalaguna Holdings Inc. (Lalaguna Villas Luxury Dive Resort & Spa) is



# HIRING!

International Market Manager - Guest Procurement

## Job Description:

The International Market Manager for Guest Procurement will play a pivotal role in expanding our global reach by successfully procuring international guests. The primary focus of this role will be on cultivating relationships and partnerships in the targeted regions and ensuring a seamless experience for our guests, including assistance with international travel and visa arrangements.



Small Lalaguna Beach, Brgy. Sabang, Puerto Galera, Oriental Mindoro

## Qualifications:

- Bachelor's degree in Marketing, Business, or a related field. Or equivalent professional experience
- Proven experience in the international market management, particularly in guest procurement from Australia, New Zealand, the USA, and the Asia Pacific.
- Outstanding communication skills, including fluency in English. Proficiency in additional languages from the target regions is a plus.

Salary: P30,000

LALAGUNA Villas Luxury Dive Resort & Spa

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 51 Oct. 30, 2023 - Nov. 05, 2023

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# CALAPENO SPOOKTACULAR PARTY 2023

*"THEY'RE CREEP AND THEY'RE KOOKY, MYSTERIOUS, AND SPOOKY."*

Mahigit 100 Calapeños ang nakilahok sa Calapeño Spooktacular Party 2023 na handog ng Pamahalaang Lungsod sa pangunguna ni City Mayor Marilou Flores-Morillo at ng Calapan City Tourism, Culture and Arts — sa pamumuno ni Mr. Christian E. Gaud, noong ika-31 ng Oktubre.

Nagtipon ang mga Calapeños suot ang kanilang mga Halloween costumes sa Oriental Mindoro National High School Gymnasium at sama-samang pumarada sa kahabaan ng J.P. Rizal St. upang mag-trick or treat.

Maging ang ilang mga establishments ay nakiisa sa kasiyahan dahil handog nila ang mga candies at iba pang treats para sa mga chikitings na kasali sa parada.

Samantala, nahati naman sa mga kategoryang kids, adults, at cosplayers ang mga kalahok dahil naghanda ang CTCAO ng cash prizes para sa tatlong may Best Halloween Costumes sa bawat kategorya. Nagwagi ng PHP 3,000 ang mga nakakuha ng Unang Pwesto (1st Place), PHP 2,000 naman sa Ikalawa (2nd Place), at PHP 1,000 sa Ikatlo (3rd Place).

Tumayong mga hurado naman sina Konsehal Jun Cabailo, Ms. Oriental Mindoro 2023 Calapan Representative Jazryl Gayeta, at Mr. Louie Uchie Cortez. Nakilahok din sa nasabing kasiyahan si City Councilor Atty. Jel Magsuci.

Hindi lamang kuwela at katatakutan ang naihasik sa Lungsod ng Calapan, naging mahiwaga din ang araw na ito para sa mga bata dahil sa Magic Show na handog din ng Pamahalaang Lungsod — bagay na lalong nagpatamis sa ngiti ng bawat batang Calapeño (Thea Marie J. Villa- dolid/

